

## “Space edu” dapat ang focus ng bansa

Ni Joy M. Lazcano  
S&T Media Service, DOST-STII

**P**agtuunan ng pansin ang “space education” ng bansa. Ito ang ipinaabot na mensahe ni astrophysicist Dr. Rogel Mari Sese, project leader ng National Space Development Program at pangunahing eksperto para sa Philippine Space Education Program sa ilalim ng Department of Science and Technology (DOST).

Si Dr. Sese ay dati nang nangarap na maging astronaut noong siya ay limang taong gulang pa lamang. Kanyang ibinahagi ang kanyang kaalaman at kaisipan sa space science sa isang forum na inorganisa ng Science Education Institute ng DOST (DOST-SEI). Ang nasabing forum ay tinawag na TEC Talk: Space Science, na ginanap sa UP Diliman-National

sundan sa pahina 2



Si Dr. Ian Vega, pinuno ng UPD-NIP theoretical physics group.

## Mga Nilalaman

Munting regalo sa mga batang Lumad .....	p3
MIMAROPA Health center, may kuryente na 24/7 .....	p4
Larawanews .....	p3

## Wanted investors: para sa DOST ‘tech’

Ni Joy M. Lazcano  
S&T Media Service, DOST-STII



Ipinaliliwanag ng mga bumubuo ng JOLT, isang power hub na mayroong dual-mode charger at solar panel kung paano ito maisasama bilang isang home energy storage, komunikasyon at security system. **(Larawan mula sa AIM Facebook Page)**

**M**ga makabagong produkto para sa mga nagnanais mamuhunan ang itinutulak ng Department of Science and Technology (DOST).

Sa ginanap na “Leaders in Innovation Fellowship (LIF) Demo Day,” sa Asian Institute of Management (AIM) sa Makati, ipinakita ng DOST ang 15 piling teknolohiya sa isang exhibit habang ang mga eksperto sa likod ng mga nasabing produkto ay naroroon upang magbigay ng karagdagang impormasyon hinggil sa teknolohiya.

Sa pamamagitan ng LIF, inaasahan ng DOST na ang teknolohiya ay makakakuha ng mga mamumuhunan o maging mga kliyente upang maisakomersyo ang mga inobasyon.

Bago pa man ang nasabing pagtitipon, ang mga lokal na eksperto ay sumailalim sa 10 buwang pagsasanay upang linangin ang kakayahan sa pagnenegosyo kabilang na ang paggawa ng angkop na business plan para sa mga teknolohiya.

Pinangunahan ni DOST Undersecretary Rowena L. Guevara ang nasabing pagtitipon. Binigyang-diin ni Usec. Guevara na bukas ang kagawaran sa mga kolaborasyon upang mapagbuti pa ang mga tampok na teknolohiya at produkto.

Aniya, ang kagawaran ay naglalaan ng P3-5 bilyon kada taon upang mapondohan ang iba’t ibang Research and Development (R&D) project

sundan sa pahina 2



Si Dr. Rogel Mari Sese ng National Space Development Program

Institute of Physics (UPD-NIP) kamakailan.

Ang space science ay mayroon din gamit sa sektor ng agrikultura, kalikasan, meteorology, disaster risk management, pambansang seguridad, komunikasyon, at eksplorasyon. Subalit, ang bansa ay nahaharap sa maraming pagsubok na dahilan upang maisan-tabi ang space program ng bansa.

Sa kanyang talk na pinamagatang "Reaching for the Stars: How Do We Start the Journey?" mariing ipinahayag ni Sese ang pagkakaroon ng "space education" sa bansa. Maliban dito, kanya ring tinalakay ang mga suliraning kinakaharap ng bansa sa paglulunsad ng isang space program kabilang na ang kakulangan ng kaalaman sa space science, kakulangan ng mga institusyong nagbibigay ng mga kursong may kinalaman sa space science at ang kakulangan ng suportang-pinansyal para sa mga mag-aaral.

Ito ay sinang-ayunan naman ni Dr. Ian Vega, isang Filipino physicist. Ayon sa kanya, "knowledge of space science gives us a better sense of the world and we deserve a science policy that is aware that our greatest resource is our people."

Si Vega ay pinuno ng gravity group ng UPD-NIP theoretical physics group. Dagdag pa niya na ang kaalaman sa space science ay makapagdudulot ng pag-assenso sa bansa.

At upang tugunan ang mga nasabing suliranin, iminungkahi ni Sese na hikayatin ang mga estudyante na kumuha ng mga kurso sa Science, Technology, Engineering, at Math. Makatutulong din na mapasama sa curriculum ng basic education ang space science at

hikayatin ang akademya na magbukas ng mga kurso o programa para sa mga space-related degree. Makabubuti rin na isailalim sa mga pagsasanay ang mga guro sa nasabing larangan at makagawa ng mga educational material na naayon sa kulturang Pinoy at nakasalin sa iba't ibang lengwahe ng bansa.

Mahalaga rin ang pagkakaroon ng mga "outreach activity" upang maiangat ang kaalaman ng publiko sa larangan at pagkakaroon ng malakas na pakikipagtulungan at pakikipag-ugnayan sa iba't ibang bansa sa larangan ng space education.

Sa kasalukuyan ay nakikipag-usap ang grupo ni Sese at ang National Space Development Program sa mga pribado at pampublikong ahensiya na magsusulong ng space industry sa bansa.

Samantala, ang Philippine Space Science Education Program ay mayroong iba't ibang aktibidad katulad na lang ng telescope viewing at National Water Bottle Rocket Competition na kung saan ang mga magwawagi ay magkakaroon ng pagkakataong lumaban sa ibang bansa.

"Even though we are lagging behind, we are doing what we can so you guys can benefit from it," pahayag ni Sese.

Maliban kina Sese at Vega, dumalo rin sa nasabing forum sina Dr. Jose Perico Esguerra, Professor II at coordinator ng UPD-NIP theoretical physics group; at Dr. Apollo Arquiza, isang DOST Balik Scientist na nagtrabaho sa isang International Space Station, na nag-aaral para sa pagkaing nababagay sa mga astronaut na nasa kalawakan.

## DOST naghahanap ...

### Mula sa pahina 1

sa bansa. Sa nakaraang dalawang taon ay nakita ng DOST na maaari nang maisakomersyo ang mga teknolohiya kaya balak ng kagawarang maglaan pa ng masmalaking pondo para sa R&D.

"We go as far as formulating guidelines we call 'Fairness Opinion Report' which is necessary for any government-funded R&D so they can transfer it to their private partners. We realize that we cannot do it alone; we need partners like Royal Academy of Engineering and AIM to make these things happen," pahayag ni Usec. Guevara.

Masaya ring ibinahagi ni Guevara na umangat ang antas ng bansa pagdating sa inobasyon.

Samtala, sang-ayon naman si DOST-Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development Executive Director Carlos Primo David sa pahayag ni Guevara. Aniya, nais ng DOST na mapalakas ang mga industriya ng bansa sa pamamagitan ng mga lokal na teknolohiya upang mapalago ang ekonomiya at maabot ang mga mamamayang nangangailangan ng tulong.

Ikinatuwa rin ni David ang kakayahan ng mga mananaliksik ng DOST sa pagbabahagi ng kanilang kaalaman kaya naman kanyang hinikayat ang pamunuan ng Royal Academy of Engineering, AIM, at ang sektor ng pagnenegosyo sa patuloy na suporta sa DOST.

Ang ilan sa mga produkto at serbisyong ipinakita sa LIF ay ang Food Innovation Center, AgMULA RTA Rice Transplanter Attachment for Hand Tractors, Jolt: A Home Energy System, Smart System, Relief Vent, Pinpoint, Heart Smart, Visser, at Guavidem. **(Impormasyon mula kay Alan Mauro V. Marfal, S&T Media Service, DOST-STII)**

#### ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

#### JOY M. LAZCANO

Copy Editor

#### JAMES B. INTIA

Layout

#### MA. JUDITH L. SABLAN

Proofreader

#### FERDINAND D. CARTAS

Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalaín ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148



## MIMAROPA Health center, may kuryente na 24/7

**M**ayroon nang kuryente 24/7 ang ilang Rural Health Unit (RHU) ng Marinduque upang patuloy na makapagbigay ng serbisyong pangkalusugan para sa mga mamamayan.

Magkatuwang ang Department of Science and Technology Regional Office IV-B (DOST IV-B) at pamahalaang lokal ng Marinduque sa pag-instila ng 750-watt na solar home system (SHS) sa mga rural health facility ng barangay Bantay at Maniwaya ng Boac at Sta. Cruz, Marinduque.

Ang solar power ay makatutulong sa pagpapa-ilaw, bentilasyon, at cold storage ng nasabing mga health center.

Ang mga nasabing komunidad ay hindi abot ng mga pangunahing serbisyo gaya ng kuryente dahil na rin sa layo nito mula sa pinakamalapit na bayan.

At dahil dito, magagamit na rin ng dalawang baranggay ang RxBox na isa sa mga natatanging programa ng DOST para sa kalusugan.

Ang RxBox ay ginagamit bilang instrumento sa pagsusuri ng mga karaniwang karamdaman. Ito ay kadalasang ginagamit ng mga rural health officer upang imonitor ang kalusugan ng mga



Ang Rural Health Unit sa Brgy. Maniwaya, Sta Cruz, Marinduque ay mayroon nang 750-watt Solar Home System na makapagpapa-ilaw sa pasilidad 24/7.

mamamayang nasa liblib na bahagi ng bansa.

Ito ay may kakayahang kumuha ng mga pangunahing impormasyon hinggil sa kalusugan ng tao.

Subalit, gaya ng mga karaniwang kagamitan, ang RxBox ay nangangailangan din ng kuryente upang ito ay magamit. Kaya naman ang pagkakaroon ng SHS sa mga nasabing komunidad ay malaking tulong upang maisulong ng pamahalaan ang mga programang pangkalusugan.

Ang bawat SHS ay mayroong solar panel, charge controller, baterya at inverter.

At dahil sa matagumpay na inisyatibang ito, ang mga pamahalaang lokal ng Gasan

at Boac ay nagnanais na ring magkaroon ng SHS sa tatlong baranggay sa Marinduque na kinabibilangan ng Pinggan (Gasan), Tumagabok, at Binunga (Boac). At upang mapaghusay ang pagbibigay ng serbisyong-medikal lalo na sa panganganak, ang Brgy. Binunga ay magkakaroon din ng sarili nitong SHS sa lalong madaling panahon. Ito ay upang patuloy na makapagbigay ng serbisyong naaayon lalo na sa mga malalayong komunidad.

Ang nasabing SHS ay bunga ng adbokasiya ng DOST IV-B sa pangunguna ni Regional Director Ma. Josefina P. Abilay na naghahangad na mabigyan ang mga komunidad ng mga serbisyong-medikal sa pamamagitan ng science and technology.

## LarawaNEWS



**Awit at Siyensya.** Hinarana ng BOB Band ang mga taong bumisita sa Enchanted Kingdom upang maipalaganap ang science and technology (S&T) sa pamamagitan ng mga tampok na awitin at exhibit. Pinangunahan ng Department of Science and Technology sa pamamagitan ng Science and Technology Information Institute at sa pakikipagtulungan ng Enchanted Kingdom ang nasabing mini-concert na nagdulot ng saya sa mga namamahingang "theme park goer". (Ni Alexandra Dennise San Juan, S&T Media Service, DOST-STII)



# Munting regalo sa mga batang Lumad

Ni Joy M. Lazcano  
S&T Media Service, DOST-STII

**I**lang araw bago pa man magsimula ang pasukan, dinalaw ng Department of Science and Technology Region XI (DOST XI) ang Sitio Upiang Elementary School, Marilog District upang ibahagi ang mga gamit pang-eskwela at mga “hygiene kit” para sa mga batang Lumad.

Ani Eduardo P. Tesorero, Assistant Regional Director for Financial Administrative Services Division ng DOST XI, “Kulang ang isang araw para dito. Gusto man namin na lahat kami makasama pero walang sasakyan.”

Naghandang mga kawani ng DOST XI ng iba’t ibang palaro at aktibidad para sa mga batang Lumad. Dito ay tinuruan ang mga batang katutubo ng tamang paghuhugas ng kamay at marami pang iba.

Sa pagtatapos ng programa ay namahagi ang ahensiya ng pananghalian para sa mga nagsipagdalo.

Ayon sa Grade 5 at batang Lumad na si Jerry Sulutan, “nalipay kami sa inyong gihatag (Kami ay masaya sa ibinahagi ninyo).”

Sang-ayon naman si Cheryl Langhi, pinsan ni Jerry at hinikayat ang mga kawani na dalawin muli sila upang makapagbigay-saya sa mga batang Lumad.

Ikinasaya rin ng mga guro ng nasabing paaralan ang natatanging programa ng science department para sa mga katutubong Lumad. Ani Ginoong Elmer Garcia, isang guro ng Grade 4, “in my three years of teaching diri nga skwelahan, lisod nga magtudlo sa ilaha nga



Masayang nagpakuha ng larawan ang mga estudyante, bitbit ang kanilang bagong kagamitang pang-eskwela. (Larawan mula sa DOST XI, S&T Media Service, DOST XI)

wala’y sulod ilang tiyan. 9 or 10 palang sa buntag, murag nadaot na ilang mga dagway, (sa tatlong taon kong pagtuturo sa eskwelahang ito, batid ko na napakahirap makinig sa klase

nang walang laman ang tiyan. Alas 9 o alas 10 pa lang ng umaga ay makikita mo na sa mukha nila ang kalungkutan).”

Dagdag pa niya na “that’s why kanang gipangbuhat ninyo karon, dako ni siya nga tabang (malaking tulong na sa amin ang inyong ginawa).”

Taun-taon ay naging tradisyon na ng DOST XI ang bumisita at tingnan ang mga proyekto ng ahensiya sa nasabing distrito. Maliban dito, tumutungo ang nasabing sangay ng pamahalaan upang pamunuan ang kanilang “outreach program” para sa mga katutubong Lumad sa nasabing lugar.

Ang mga programa at proyektong tulad nito ay nagsisilbing paalala sa bawat Filipino na kaakibat ang pamahalaan sa pagsulong ng mga tulong na makapag-aangat ng buhay ng mga Filipino maging ng mga nasa liblib na lugar ng bansa.

Sa pamamagitan nito ay nailalapit ng DOST ang siyensya at teknolohiya sa mga tao.



Masayang nagpaunlak sa isang “photo shoot” ang mga estudyante at mga guro ng Sitio Upiang Elementary School kasama ang mga kawani ng DOST XI at Kinaiyahan Foundation. (Larawan mula sa DOST XI, S&T Media Service, DOST XI)